# Balitang Manmin

BILANG 71 OKTUBRE 7, 2012

# Ang Iglesyang Nagpapakita ng Dakila at Kahanga-hangang Kapangyarihan sa Buong Mundo

## Tulad ng Maraming Tanda at Himala sa Unang Iglesya




Marami nang nakitang mga tanda at himala sa Manmin Central Church tulad ng nangyari noon sa unang iglesya. Ipinakita ng Diyos ang paglikha, pamamahala sa buhay, pangingibabaw sa kalawakan at panahon, pagtatag ng banal na lugar na naging daan para maligtas ang maraming kaluluwa. Sa pamamagitan ng makapangyarihang mga himala, nagpatuloy ang pagsigla ng iglesya at nagkaroon nang may 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya sa buong mundo.

Pagkatapos mabuhay muli ng Panginoon at pag-akyat sa Langit, ang ebanghelyo ay naibahagi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, hindi lang sa Jerusalem, buong Judea, at Samaria kundi pati sa Asia Minor, Greece, at sa Imperyo ng Roma na siyang sentro ng sinaunang mundo. Dahil dito, maraming mga iglesya ang naitatag.

Kahit ikamatay pa nila, ipinangaral ang ebanghelyo ng mga apostol at ng mga mananampalataya mula sa unang iglesya. Dahil dito, pinagtibay ng Emperador Constantine ng Roma ang Cristianismo bilang relihiyon noong 313 AD. Noong 392 AD, ginawa ni Theodosius itong opisyal na relihiyon ng Imperyo ng Roma. Mula noon, mas mabilis nang lumaganap ang ebanghelyo sa buong mundo.

Noong 1982, itinatag ng Diyos ang Manmin Central Church at hinikayat ang iglesya na 'bumangon at magliwanag' na nakatala sa Isaias 60:1. Inatasan Niya ang iglesya na ipangaral ang ebanghelyo sa bansang Korea at sa buong mundo. Mula noon, hindi na Siya huminto sa pagpapakita ng mga makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu tulad ng ginawa Niya sa mga nasa silid sa itaas sa tahanan ni Marcos noong araw ng Pentecostes.

Sa nakalipas na 30 taon, patuloy sa pagsulong ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at ang mga miyembro ng iglesya para gisingin ang mga espiritung natutulog at muling buhayin ang mga kaluluwang naghihingalo.

Dahil dito, nadagdagan ang mga miyembro ng iglesya at naging isang kongregasyon na may 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya sa buong mundo.

Ano ang pinakamalaking dahilan kung bakit nakamit ng iglesya ang napakabilis na pagsigla at pagbangon sa loob ng 30 taon? Hindi ito mangyayari sa pamamagitan lang ng lakas o kakayahan ng tao.

Nang mangaral si Pedro, humigit-kumulang 3,000 tao ang nagsisi at gumaling ang may iba't ibang karamdaman. Sa pamamagitan ni apostol Pablo naipahayag ang ebanghelyo sa Asia at Europa. Ang lahat ng ito ay mangyayari sa pamamagitan ng malakas na kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Ang lahat ng mga mensaheng ipinapangaral ni Dr. Jaerock Lee ay batay sa Biblia. Ipinapahayag niyang buhay ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang gawa para patotohanan ang mga mensaheng ito (Marcos 16:20; Ang Mga Gawa 2:22; Sa Mga Hebreo 2:4).

Naghahatid din siya ng pagbabago at tunay na buhay sa maraming mga kaluluwa sa pamamagitan ng mga sumusunod: mga librong sinulat niya at inilathala sa 44 na wika, *Balitang Manmin* na isinasalin sa 25 wika, GCN TV na ipinapalabas sa mahigit-kumulang 170 mga bansa, WCDN (samahahan ng mga Cristianong doktor) na nagpapatunay ng kapangyarihan ng Diyos batay sa impormasyong may kinalaman sa medisina, MIS (Manmin International Seminary), MMTC (Manmin Missionary Training Center), mga seminar para sa mga pastor, at mga krusada na may panyo na idinadaos sa buong mundo (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na may Tatlong Persona na Siyang nagtatag ng Manmin. Ginabayan at biniyayaan Niya kami ng mga kasagutan hanggang magkaroon kami ng mga kahanga-hangang bunga.

Hindi hihinto ang Manmin Central Church sa pagsulong nang may pananalig para maisagawa ang kalooban ng Diyos sa napakamakapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu para magkaroon ng tunay na pananampalataya ang mahigit sa pitong bilyong kaluluwa sa mundo.

# “Kung Ano ang Gusto Mo”

At sinabi ng mga tauhan ni David sa kanya, “Narito ang araw na sinabi ng PANGINOON sa iyo, ‘Aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kanya kung ano ang gusto mo.’” Nang magkagayo'y tumindig si David at lihim na pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul (1 Samuel 24:4).

Si David ang pinakabata sa walong anak ni Jesse. Siya ang nagpapastol sa kawan. Isang araw, pumunta si Samuel sa tahanan ni Jesse dahil isinugo siya ng Diyos. Akala ni Samuel, ang anak na si Eliab ang hihirangin pero sinabi sa kanya ng Diyos, “Huwag mong tingnan ang kanyang mukha, o ang taas ng kanyang tindig sapagkat itinakuwil ko siya. Sapagkat hindi tumitingin ang PANGINOON na gaya ng pagtingin ng tao. Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang PANGINOON ay tumitingin sa puso” (1 Samuel 16:7). At sinabi ng Diyos kay Samuel na hirangin si David na bunsong anak ni Jesse sapagkat tunay na mabuting tao ito. Ano ang angking kabutihan ni David na kinalulugdan ng Diyos?



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

## 1. Lubos ang tiwala ni David sa Diyos

Inilarawan sa 1 Samuel 17 ang labanan sa pagitan ni David at ng higanteng si Goliat. Noong panahong iyon, nasa libis ng Ela ang mga Israelita. Doon sila nakikipagdigmaan sa mga Filisteo. Pinanghihinaan na ng loob ang hukbo ng mga Israelita dahil sa higanteng mandirigma ng mga Filisteo na si Goliat. Si Goliat ay may taas na 3 metro (mga 10 talampakan o 10’), mayroon siyang helmet na tanso, baluting tanso sa katawan, at sibat na tanso. Nanginginig sa takot ang hari at mga sundalo ng Israel kapag naghahamon siya sa kanila araw at gabi sa loob ng apatnapung araw.

Pumunta si David sa lugar ng digmaan dahil inutusan siya ng ama na magdala ng pagkain para sa mga kapatid niyang lumalaban. Nagalit si David nang marinig niya ang pang-iinsulto ni Goliat sa Diyos. Dala ang tirador at limang bato, buong tapang siyang lumapit kay Goliat. Sinabi niya, “Lumalapit ka sa akin na may tabak, may maliit at malaking sibat, ngunit ako’y lumalapit sa iyo sa pangalan ng PANGINOON ng mga hukbo, ang Diyos ng mga hukbo ng Israel na iyong hinahamon” (1 Samuel 17:45).

Dahil nagtiwala siya sa Diyos nang buong puso, nagawang harapin ni David ang higante na naghasik ng takot sa lahat ng tao at mga mandirigma. Tinirador ni David si Goliat at bumaon sa noo nito ang bato. Bumagsak ito sa lupa, ni hindi nagamit ang espada. Nakamit ni David ang tagumpay dahil lubos ang tiwala niya sa Diyos. Nalugod ang Diyos kay David, napakaganda niya sa paningin Niya!

## 2. Nanatiling mabuti si David hanggang sa huli

Nang matalo ni David si Goliat at iniligtas ang mga kababayan niya, natuwa si Haring Saul. Ginawa niyang pinuno si David ng mga mandirigma. Ngunit isang araw, nang pauwi na si Saul at si David mula sa isang labanan na ipinanalo nila, may mga babaing sumalubong sa kanila habang nag-aawitan at nagsasayawan, at sinasabing, “Pumatay si Saul ng libo-libo, at si David ng laksa-laksa.” Ito ay ikinagalit ni Saul; sinabi niya, “Kanilang iniukol kay David ang laksa-laksa, at ang kanilang iniukol sa akin ay libu-libo; ano pa ang mapapasa-kanya kundi ang kaharian?” Simula noon, napoot na siya kay David.

Habang tumatagal, patindi nang patindi ang selos at inggit niya, sinibat pa niya si David habang tumutugtog ng alpa para sa kanya. Pero dalawang beses naka-ilag si David, kaya mas lalo pa siyang nagalit at natakot na din kay David. Tinangka niyang patayin si David sa pamamagitan ng panloloko niya. Nang ibigin si David ng anak niyang si Mical, inisip niya, “Ibibigay ko si Mical sa kanya upang siya’y maging bitag sa kanya, at upang ang kamay ng mga Filisteo ay maging laban sa kanya” (1 Samuel 18:21).

Si David ay tapat na lingkod na lumaban para sa bansa niya mula noong kabataan niya. Malaki ang naiambag niya sa hindi mabilang na mga digmaan. Nagkaroon ng kapayapaan si Saul sa pagtugtog ni David ng alpa noong nagdusa ito dahil sa masamang espiritu. Ni hindi siya sumuway sa mga utos ni Saul. Gayon pa man, sa halip na bayaran ang kabutihan niya, tinangka pa ni Saul na patayin si David. Sa bandang huli, umalis si David sa bayan niya para maiwasan si Saul. Dumaan siya sa lahat ng klaseng hirap at pagdurusa sa ibang bansa. Samantala, nagkaroon siya ng pagkakataong patayin si Saul. Nangyari ito nang mag-isang pumasok si Saul sa kuweba sa ilang ng Engedi kung saan nagtatago din si David at ang mga tauhan niya.

Sinabi kay David ng mga tauhan niya, “Narito ang araw na sinabi ng PANGINOON sa iyo, ‘Aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kanya kung ano ang gusto mo’” (1 Samuel 24:4). Sinabi nila na mabuti pang patayin si Saul dahil dinala siya ng Diyos sa kuweba. Ayon sa kanila, ibinigay ng Diyos ang pagkakataong iyon para patayin ni David ang kaaway. Subalit, bumangon si David at lihim na pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul.

Binagabag si David ng konsiyensya niya dahil sa ginawa niya sa balabal ni Saul at sinabihan ang mga tauhan niyang huwag itong patayin, “Huwag ipahintulot ng PANGINOON na ako’y gumawa ng ganitong bagay sa aking panginoon na binuhusan ng langis ng PANGINOON, na aking saktan siya ng aking kamay gayong siya ang binuhusan ng langis ng PANGINOON” (1 Samuel 24:6).

Nang lumabas si Saul sa kuweba, sumigaw si David, “Bukod dito’y iyong tingnan, ama ko. Tingnan mo ang laylayan ng iyong balabal sa aking kamay. Sapagkat sa pagputol ko ng laylayan ng iyong balabal at hindi ko pagpatay sa iyo, matitiyak mo na wala kahit kasamaan o pagtataksil man sa aking sarili. Hindi ako nagkasala laban sa iyo, kahit tinutugis mo ako upang kunin ang aking buhay” (1 Samuel 24:11).

Hindi nagalit at ni hindi nagtanim ng sama ng loob si David kay Saul kahit pinagbantaan nito ang buhay niya. Nirespeto at iginalang pa rin niya si Saul. Napakabuti ng puso niya!

## 3. Ang mga dahilan kung bakit dumanas si David ng mga pagsubok

Hinayaan ng Diyos na dumanas ng mga pagsubok si David dahil kilala Niya ito at gusto Niya itong maging dakilang tao. Parang isang ‘coach’ o tagapagturo na nagbibigay ng matinding pagsasanay sa mga atleta para lumakas sila, ipinadanas din ng Diyos kay David ang maraming pagsubok para ihanda siya sa paghahari ng bansa. Para tanggapin niya ang gabay at mga sagot ng Diyos sa mga dalangin niya at para magkaroon siya ng malalim na pakikipag-ugnayan sa Diyos kahit may mga pagsubok.

Pero may nadiskubreng isang bagay si David sa pagkatao niya na hindi niya akalaing naroon. Nang maging hari na siya, pinagnasahan at sinipingan niya si Batseba. Iniutos niyang ilagay sa harapan ng pinakamainit na labanan si Urias na asawa nito, para mamatay. Kahit hindi siya nagkasala sa ibang mga bagay, nakagawa pa rin siya ng ganitong kasalanan dahil hindi siya perpekto. Akala niyang maaari niyang gawin ito dahil napakalaki ng kapangyarihan niya bilang hari.

Subalit gusto ng Diyos na magkaroon si David ng pusong tunay na mabuti kaya dumanas siya ng mabibigat na pagsubok. Nagkaroon siya ng anak, si Absalom, na nagrebelde sa kanya at tumakas ito. Sinipingan ni Absalom ang mga asawang lingkod ng ama niya sa harapan ng buong Israel. At sa harapan ng mga kawal ay pinagbabato at pinagmumura siya ni Shimei, isang lalaking mula sa lipi ni Saul.

Sa mga pagsubok na ito, nagkaroon si David ng mas perpektong puso sa mata ng Diyos. Siya’y naging haring minamahal ng Diyos at ng mga mamamayan ng Israel. Higit pa riyan, sinabi ng Diyos kay David na hindi siya mawawalan ng lalaki na uupo sa trono ng Israel at si Jesu-Cristo ay magmumula sa lahi niya.

Mahal kong mga kapatid, posibleng magmahal ng ibang tao kahit ang bubunutin ang ugat ng kasalanan. Hahayaan ng mabuting kalooban natin na makapagpatawad ng taos puso. Nalugod ang Diyos kay David dahil sa perpektong pananampalataya niya kahit ano pa ang mangyari. Napagtagumpayan din niya ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan, at nagbigay siya nang higit pa sa hiningi. Ito ang dahilan kung bakit patuloy niyang minahal at pinatawad si Haring Saul na nagtangkang pumatay sa kanya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magkaroon nawa kayo ng kabutihan na makakapagpabago sa puso ng kapwa.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Salita ng Buhay at ang Kapangyarihan – Laganap na sa Buong Mundo Dahil sa GCN TV!

## Programang Batay sa Ebanghelyo – Ibinobrodkast sa Mahigit 170 Bansa



Dahil sa paggabay ng Diyos sa GCN TV, marami ang naligtas at nabiyayaan sa buong mundo. Napapanood ito sa humigit-kumulang 170 mga bansa, at mayroong 24 oras na serbisyo sa mobile web (m.gcntv.org.) para mapanood ang mga programa nito at makibahagi sa lahat ng pagsamba at pulong panalanging Daniel sa pamamagitan ng smart phone.

Noong Setyembre 1, 2005, nag-brodkast ang GCN (Global Christian Network) TV ng kauna-unahang programa nila mula sa istasyon sa Empire State Building sa Estados Unidos. Dahil nalugod ang Diyos sa napakagandang simulang ito, nagpakita Siya ng krus na puti at kumikinang sa madilim na kalangitan. Nananatili ito sa puso at alaala ng mga miyembro ng Manmin.

Opisyal na nagbukas ang GCN TV noong Oktubre 10, 2005. Gumawa sila ng mga kapansin-pansing mga pagbabago bilang istasyong Cristianong na nagbobrodkast ng mga programang batay sa ebanghelyo. Ito ang kalooban ng Diyos para sa mga huling araw. Ngayon, nagbobrodkast na sila sa mahigit na 170 bansa sa pamamagitan ng free TV, satellite TV, at cable TV sa pakikipagtulungan sa kilalang mga brodkaster tulad ng NRB (National Religious Broadcasters) network, Enlace TV, Rodnoy, at CNL.

Nagbagong buhay ang maraming manonood dahil sa GCN TV. Marami sa kanila ang nagsasabing naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos dahil sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee at sa panalangin niya para sa mga may sakit. May mga nagsabing tinanggap nila si Jesu-Cristo, ang iba naman ay naniwala na may Langit at Impiyerno.

Sinabi ni Dr. Frank Wright, Pangulo ng NRB, "Ang GCN TV, bilang miyembro ng NRB, ay gumagawa ng pinakamahusay na mga palabas. de-kalidad, kawili-wili, at malikhain ang mga programa nila. Naging magandang inspirasyon ito sa ibang mga brodkaster na Cristiano."

Sinabi ni G. Arnold Enns, Pangulo ng COICOM (Iberoamerican Confederation of Christian Communicators and Mass Media), "Ang mensahe ni Dr. Lee ay napakalinaw. Nagbibigay ang Banal na Espiritu ng kaligtasan at kagalingan sa lahat ng manonood sa pamamagitan ng mga sermon niya. Ang mga programa ng GCN TV ay kahanga-hanga at mahusay ang pagkakagawa."

Ayon kay Pastor Anwar Fazal, Tagapangulo ng Isaac TV sa Lahore, Pakistan, "Ang mga sermon ni Dr. Lee at ang mga programa ng GCN ay ibinobrodkast sa ilang mga bansa sa Gitnang Silangan. Naging daan ito para maging Cristiano ang mga Muslim at mapagaling. Napakadaming humihiling ng panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit."

Noong 2009, napili si Dr. Lee bilang mangangaral ng ebanghelyo ng taon at kasama din siya sa listahan ng 10 pinakamaimpluwensyang lider na Cristiano ng In Victory, ang pangunahing website sa mga lugar na Ruso ang wikang ginagamit at ng Christian Telegraph, ang pang-Cristianong website para naman sa mga Ingles ang wika.

Bumisita na sa Manmin Central Church sa Seoul, Korea ang maraming manonood ng GCN TV para makita nang personal ang lugar kung saan nagaganap ang mga pagpapala.

Ano ba ang nasa likod ng napakalaking impluwensya ng GCN TV sa buong mundo? Sinasabi sa huling bahagi ng Amos 8:11, "Hindi taggutom sa tinapay, o pagkauhaw sa tubig, kundi sa pakikinig sa mga salita ng PANGINOON." Bilang kilalang brodkaster na pang-Cristiano, gumagawa ang GCN TV ng mga programang sa ebanghelyo lang nakabatay, sa panahong gutom at uhaw, ang mga tao.

Higit sa lahat, ang mga sermon ni Dr. Lee, na tinanggap niya mula sa Diyos sa kanyang pag-aayuno at pananalangin ay mga mensaheng nakabatay sa Biblia. Kamangha-mangha ang epekto nito sa mga tao. Nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos ang mga manonood ng GCN sa mahigit sa isang libong serye ng mga sermon tulad ng 'The Message of the Cross,' 'The Measure of Faith,' 'Heaven,' 'Hell,' 'Voice and Guidance of the Holy Spirit,' 'Spirit, Soul, and Body,' 'Lectures on Genesis,' at 'Seven Churches.'

Bukod pa dito, iba't ibang klaseng de-kalidad na pagtatanghal kasama na ang papuri, sayaw, pagtugtog ng mga instrumento, at tradisyunal na musika ng Korea sa mga pagsamba at iba pang mga okasyon ay ibinobrodkast din. Ginagawa ang karamihan sa mga pagtatanghal sa pamamagitan ng God-given Manmin Praises, kaya nakakadagdag ito sa pag-asa sa Langit ng mga manonood.

Ipinapalabas ng GCN ang 'Christian Today,' programang nagtatampok ng patotoo at pangitain (vision) ng mga kilalang Cristiano; ang 'Secret of Power' at 'Original Voice' na nagpapatotoo sa buhay na Diyos gamit ang teolohiya at maraming patotoo; at 'GCN Power Praise,' isang popular na programa ng papuri. Umaapaw ang pag-ibig ng Diyos at kasaysayan ng pananampalataya sa mga programang ito.

Mas lalo pang palalakasin ng GCN TV ang pagbabahagi ng ebanghelyo ng kabanalan sa paggawa ng mga katangi-tanging programa at pagpapalawak ng brodkast para sa kaligtasan ng mahigit sa pitong bilyong kaluluwa sa buong mundo.


**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714




# Ang Kaligtasan at mga Kasagutan Inihahayag ng Ministeryo ng GCN TV

Napakalaki ng kapangyarihan ng ministeryo ng pagbobrodkast na ginagawa ng GCN TV. Iminulat ang mga tao sa tunay na buhay Cristiano, dinala sila sa lubos na pagsisisi, pinagaling ang mga hindi na kayang gamutin ng medisina, at nabigyan sila ng bagong buhay. Walang patid ang natatanggap na mga patotoo mula sa buong mundo, pati sa lahat ng lugar sa Korea. Hindi mahalaga kung anong grupo ng relihiyon at denominasyon ang pinagmulan ng mga ito. Sa mga natanggap na patotoo, pumili ang *Balitang Manmin* ng tatlo, mula sa Germany, Peru, at Thailand. Sila ay nakaranas ng pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng mga programa ng GCN TV.

## "Nalaman Ko ang Tunay na Pananampalataya at Pag-ibig"

**Gng. Irina Wider** (Germany)

Noong taong 2011, nakapakinig ako ng mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa TBN Russia. Tinatalakay niya ang iba't ibang klaseng puso ng tao. Hindi ito pangkaraniwan kaya naging interesado ako. Hinanap ko ang website ng iglesya para makapakinig ako ng iba pang mensahe at nag-download ako ng maraming sermon niya na isinalin sa wikang Ruso mula sa website ng Russia (www.manmin.org/Russian). Paulit-ulit kong pinakinggan ang mga ito – kahit nagbibiyahe ako.

Sa totoo lang, kahit Cristiano na ako, hindi naiba ang buhay ko sa mga hindi Cristiano. Gayon pa man, pagkatapos kong mapakinggan ang mga mensahe ni Dr. Lee, pinanatili kong banal ang Araw ng Panginoon at nagbigay na ako ng buong ikapu. Tumatamasa ako ngayon ng biyayang pinansyal. Higit pa riyan, natanto ko kung ano ang kasalanan, nagsimula akong manalangin, at nagsisikap ipamuhay ang Salita ng Diyos.

Noong Agosto 2, 2012, dahil gusto kong makita ang Manmin Central Church na nagtuturo ng ebanghelyo ng kabanalan, bumisita kami dito ng anak kong si Sergey (12 taong gulang). Pakiramdam ko ay nasa Langit ako dahil nakita ko nang personal ang napapanood ko sa TV. Kahanga-hanga ang mga handog sa Diyos, ang pagsamba, panalangin, at papuri. Napakasaya ko sa buong pamamalagi ko doon.

Pagkatapos ng pagbisita namin sa Korea, nagbabasa na si Sergey ng Biblia sa halip na maglaro sa computer. Dati pautal-utal ang pagsasalita niya, ngayon, hindi na. Dahan-dahan na siyang gumagaling dahil sa panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit, pero pagbalik namin mula sa Korea, magaling na magaling na siya. Humanga din ang nanay ko sa talambuhay ni Dr. Lee na *My Life, My Faith* at interesado din siyang basahin ang iba pang libro ni Dr. Lee.



Tinuruan ako ng tunay na pananampalataya at pag-ibig ng ebanghelyo ng kabanalan. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na may Tatlong Persona. Siya ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo.

## "Nakilala Ko ang Diyos na Nagpagaling at Nagbasbas sa Akin"

**G. Jimmy Huarcaya Reinos** (Peru)



Lumaki ako sa isang pamilyang Cristiano pero dahil sa klase ng pamumuhay at mga kaibigan ko, napalayo ako sa Diyos.

Isang araw ng Linggo, taong 2010, nakapakinig ako ng sermon na ipinapangaral ng isang pastor na Latino sa TV habang nasa trabaho ako. Nagsimula ulit akong lumapit sa Diyos sa pagbabasa ng Biblia. Hindi nagtagal, nalaman ko na Enlace ang istasyong iyon.

Tuwang-tuwa ang nanay ko sa pagbabago ng buhay ko. Hinimok niya akong makinig ng sermon ng isang pastor na Koreano sa Enlace. Kahanga-hanga daw ito.

Isang umaga, paggising ko, napakasakit ng likod ko. Hindi ako makagalaw nang maayos. Binuksan ko ang TV, at tamang-tamang ipinapalabas ang sermon ni Dr. Jaerock Lee. Tinanggap ko ang dalangin niya para sa mga may sakit pagkatapos ng sermon at namangha ako dahil nawala ang matinding sakit na nararamdaman ko.

Masigasig kong hinangad ang Diyos at gusto kong mas makilala pa si Dr. Lee. Nakita ko sa TV ang listahan ng pwedeng tawagan. Tinawagan ko ang Peru Manmin Church na pinaglilingkuran ni Pastor Lazarus J. Lee. Pagkatapos kong dumalo sa iglesya, nasagot ang mga tanong ko tungkol sa Biblia at napawi ang pagka-uhaw ko sa mga espirituwal na bagay. Bagong simula ito para sa buhay ko.

Noong 2011, mayroon akong 'promotion test' (pagtaas ng ranggo o posisyon sa trabaho). Isang pagkakataon ito para magsanay na maging pinuno ng kapulisan. Tamang-tama, narinig ko ang mensahe ni Dr. Lee na "Keys to Studying Well." Ang pinakamahalaga pala ay ang pagpapabanal. Kaya taimtim akong nanalangin at nagsikap na ipamuhay ang Salita ng Diyos, at nag-aral din akong mabuti. Sa wakas, biniyayaan ako ng Diyos. Nakapasa ako sa pagsusulit at natapos ko ang kurso sa pagsasanay na may napakataas na marka.

Kapag ipinapangaral ko ang tungkol sa pag-ibig at ebanghelyo ng Diyos na napakadakila, natututo ng tungkol sa pagiging Cristiano ang mga katrabaho ko. Nagpapasalamat ako kay Dr. Lee na nagturo sa akin ng tunay na kahulugan ng buhay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

## "Tinutulungan Ako ng GCN TV na Magkaroon ng Makapangyarihang Buhay Cristiano. Gustong-gusto Ko Ito"

**Gng. Dao-ngam Saengduean** (Thailand)

Ako ang asawa ni Pastor Warapong Inwatanakun na naglilingkod sa Chai Prakan Manmin Church, Thailand. Noong 2008, nakatanggap ng DVD na may pamagat na "Power of God VI" ang asawa ko mula sa kaibigan niya. Namangha siya nang makitang nangyayari pa rin ngayon ang mga makapangyarihang pagkilos sa Biblia habang nanonood ng programang tungkol sa ministeryo ni Dr. Jaerock Lee. Bumisita siya sa Manmin Central Church sa Seoul, Korea kung saan nangyayari ang pagkilos at bumalik siya sa Thailand na may dalang panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Nang ilapat niya ang panyong makapangyarihan sa mga may sakit at nanalangin nang may pananampalataya, nakapagsalita ang lalaking pipi, at nakapaglakad ang babaing may kapansanan. Dahil naranasan ko ang ganitong kapangyarihan ng Diyos, napakalaki ng ipinagbago ng buhay Cristiano ko.

Noong 2009, nagpalagay kami ng antena ng GCN sa bahay, at magmula noon, itinuring kong kaibigan ang GCN TV. Sa pinanood kong krusada ng pagkakaisa sa India noong 2002 sa pangunguna ni Dr. Lee, mas lalo akong nakumbinsi na nandoon ang Diyos. Nakadadgdag sa buhay espirituwal ko ang mga programang may pagtatanghal at pagpupuri tulad ng GCN Power Praise.

Nagpalagay din ako ng GCN TV sa aking klinik. Nanonood ang mga pasyente ko at nakakarinig ng ebanghelyo habang naghihintay sila para magpa-check-up. Lumalapit ang ilan sa TV para tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit. Kung gusto nilang ipanalangin sila nang personal, inilalapat ko sa kanila ang panyong pinanalanginan niya. Gumagaling sila, kaya mas maraming tao ang gumagaling sa klinik ko kaysa sa ibang mga ospital at klinik. Dahil sa dami ng mga pasyente, nilakihan ko ito.



Mahal ko ang GCN TV dahil nararanasan ko dito ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos. Naiibahagi ko rin ang ebanghelyo.

GCN
GLOBAL • CHRISTIAN • NETWORK
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com